Binabati kayo sa pagiging isang mamamayan ng Canada!

Maraming kabutihan ang maihahandog ng pagiging taga-Canada. Maaaliw tayo sa magagandang likas na tanawin, at pati na ang mga pinakamalugod na tumatanggap na mamamayan sa planeta. Mayroon ding mga kalakip na responsibilidad sa pagiging taga-Canada. Isa sa mga responsibilidad na ito ay ang karapatan at pribilehiyo sa pagboto.

Hinihikayat namin ang bawat isa na nasa legal na edad (18) na bumoto sa halalan sa lahat ng tatlong antas ng pamahalaan.

Ang mga **pamahalaang munisipal** ang nagpapatakbo sa panglungsod/pambayang antas at gumagawa ng desisyon ukol sa sa mga serbisyong gaya ng buwis sa ari-arian, koleksyon ng basura, tubig at mga aklatan. Ang susunod na halalang munisipal ay sa 2020.

Ang **pamahalaang panlalawigan** ang gumagawa ng desisyon ukol sa mga serbisyong gaya ng pangangalaga sa kalusugan, edukasyon, mga kalsada at paglilisensya sa pagmamaneho. Ang Halalang Saskatchewan ang nagsasaayos ng mga halalang panlalawigan, at ang susunod ay sa 2020. Tumawag sa 1-877-958-8683 upang magrehistro na makaboto sa susunod na halalang panlalawigan.

Ang **pamahalaang pederal** ang gumagawa ng desisyon na umaapekto sa lahat ng mga taga-Canada kabilang ang pambansang pagtatanggol, buwis, mga paliparan at mga pasaporte. Ang susunod na halalang pederal ay sa 2019.

VOTE

www.elections.sk.ca/NewCanadians

Elections SK

Makilahok.
Kumita ng Pera.

Alam mo ba na maaari kang magtrabaho sa araw ng halalan at mabayaran? Sa panahon ng halalang panlalawigan, mayroong 11,000 mamamayan na magtatrabaho sa iba-ibang gawain sa mga lugar ng botohan sa buong Saskatchewan.

Maraming posisyon ang maaaring makuha para sa mga bagong taga-Canada na nasa edad 18 pataas! Magpahayag ng interes na magtrabaho sa 2020 halalang panlalawigan sa pamamagitan ng pagpalista sa **www.elections.sk.ca/takepart.**

WORK

www.elections.sk.ca/NewCanadians

Tagalog

Elections SK